TAIZÉ

*Mensahe para sa 2023*

# Panloob na Buhay at Pakikiisa

Saan natin matatagpuan ang bukal ng pangkalahatang pagkakapatiran, kapwa sa puso ng pamilya nating mga tao at kasama ang buong sangnilikha? Iba't ibang sagot sa tanong na ito ang nabuo sa paglipas ng panahon sa mga tradisyong espirituwal ng mga tao sa mundo.

Para sa mga Kristiyano, dumating na ang oras upang maabot ang mas malalim na pag-unawa sa kanilang pananampalataya. Hindi para isulong ang kanilang mga sarili o para angkinin na mayroon silang mga sagot sa lahat ng bagay, ngunit upang sumali nang mas epektibo sa isang panlahat na paghahanap kasama ang mga taong ayaw sumuko na lamang sa kanilang kapalaran, ngunit pinipiling magpunyagi sa mga malalaking usapin sa ngayon. Ang mensaheng ito para sa 2023 ay naglalayong tukuyin ang mga paraan ng pagkilos upang makatulong sa pagpapanibago ng buhay Kristiyano sa ating panahon.

"Panalangin at matuwid na pagkilos." Sa mga kakila-kilabot na taon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, gayon ang kalutusan ng pastor na si Dietrich Bonhoeffer.[1] Habang nasa bilangguan, pinagnilayan niya ang mahahalagang aspeto ng buhay Kristiyano. Sa gitna ng trahedya ng digmaan, siya ay nanindigan. Sa kadiliman ng kanyang panahon, malinaw niyang nakita:

> *Ang ating pagiging Kristiyano ngayon ay maitatakda sa dalawang bagay: panalangin at matuwid na pagkilos sa pagitan ng mga tao. Lahat ng Kristiyanong pag-iisip, pananalita at pag-oorganisa ay dapat maipanganak na muli mula sa panalangin at pagkilos na ito.*[2]

Paano natin isasalin ang kalutusang ito sa ngayon? Bawat tao ay makapagbibigay ng kanilang sariling tugon. Sa Taizé, sinasabi namin: sa pamamagitan ng pagpapalalim ng ating panloob na buhay at ng ating pakikiisa sa iba o, sa ibang salita, sa pamamagitan ng pagpapalusog ng ating buhay panalangin at pagpapalawak ng ating pagkakaibigan.

---

[1] Aktibo sa resistensiya laban kay Hitler at sa Confessing Church, si Dietrich Bonhoeffer (1906-1945) ay ikinulong noong 1943 at pinatay noong 1945. Ang kanyang mga sinulat, lalo na ang kanyang mga liham at pagninilay na isinulat habang nasa bilangguan, ay labis na maimpluwensiya pagkatapos ng digmaan at nananatiling gayon magpahanggang ngayon.

[2] “Mga Kaisipan sa Araw ng Binyag ni D.W.R. Bethge” (Mayo 1944), sa Mga Liham at Papel mula Bilangguan, p. 300.

Upang matuklasan ang mga palatandaan ng presensya ng Diyos sa ating buhay, matutulungan tayo ng patotoo ni Dietrich Bonhoeffer.  Siya ay lubhang mulat sa mga sukdulang kasamaan na gumagana sa kanyang panahon, ngunit isang panloob na puwersa ang nagpagana sa kanya, gaya ng maraming iba pang mga tao noon at ngayon, para piliin ang pag-asa at pagtitiwala sa Diyos sa mga kalagayan ng matinding karahasan, nang hindi nanghihina ang loob sa sangkatauhan.

Sa kasalukuyang sitwasyon kaya natin, sa ating panahon, na pumiling magtiwala. Malaya tayong umaninaw, sa puso ng ating mundo, ang isang liwanag na nagmumula sa ibang lugar.  Kahit na dumaraan tayo sa isang ng mahirap na panahon, kahit na tila hindi sinasagot ng Diyos ang ating daing, ang liwanag na iyon ay sumisikat na tulad ng bituin sa umaga sa ating mga puso (2 Pedro 1:19).

**Br. Alois**
Prior ng Taizé Community

## Pagpili para sa pagtitiwala

Sa ngayon, kapag ang nakababatang henerasyon—at ang iba rin—ay nilulugmok ng mga mabibigat na pasanin, ano ang maaaring makapagpabago ng ating pananaw at pumukaw ng ating pagkamalikhain?  Tiyak na maraming dahilan para makaramdam ng matinding pagkabalisa, mga pangyayaring maaaring makaapekto nang malalim sa ating pananaw sa mundo at sa paraan ng pagtingin natin sa ating mga sarili.  May ilang tao na humantong pa nga sa punto ng pagtatanong sa Diyos at sa presensya ng Diyos sa mundo.

Mauunawaang reaksiyon ang pag-aalala.  Maaari itong maging kapaki-pakinabang kapag dinadala tayo nito na makita at maunawaan ang mga panganib na nagbabanta sa atin, upang maging malinaw ang paningin at hindi walang muwang.  Gayunpaman, dapat tayong maging maingat na hindi magpadala sa pagsuko sa kapalaran, sa pangungutya o sa takot, na nag-aambang siluin tayo sa isang negatibong ikid.

Upang maiwasan ang gayong katapusan, tinuturuan tayo ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng pagturo tungo kay Kristo Hesus, na nangunguna sa atin.  Sa buong buhay niya ay nakaranas si Kristo ng kagalakan, at gayundin ng pag-aalala.  Siya ay napasailalim sa isang lumalagong pagsalungat na nagbigay daan sa dulo sa sukdulang karahasan ng krus.  Ngunit hindi napunta kay kamatayan ang huling salita, sapagkat binuhay siyang muli ng Diyos at siya ay buhay magpakailanman.  Iyan ang kahanga-hangang bagay tungkol sa Ebanghelyo.  Inaanyayahan tayo ng mga unang saksi nito na makipagsapalarang magtiwala sa mensaheng ito.

Si Kristo ay patuloy na lumalakad katabi ang bawat tao ngayon, upang ipahayag sa lahat ng tao ang walang pasubaling pag-ibig ng Diyos.  Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang hininga ng Diyos, binibigyan niya tayo ng kakayahang manindigan, na nagkakaloob sa bawat tao ng batayang dangal.

Magpagabay tayo hindi lamang sa kung ano ang dumarating sa atin mula sa labas, ngunit tanggapin din natin ang panloob na liwanag, yaong pagtitiwala na nagdadala ng pangalan ng pananampalataya.

## Paghahanap ng pagpapanibago sa panalangin

Upang tingnan ang ating buhay, ang ibang tao at ang mundo sa isang bagong paraan, isang personal na hakbang ang kinakailangan.  Nangyayari ito sa kaibuturan ng ating pagkatao, kapag tinatanggap natin sa ating pag-iral ang magiliw na presensiya ng Diyos.  Kabilang dito ang panloob na pagbabago ng direksyon, na siyang tinatawag ng Ebanghelyo na pagbabalik-loob at siyang nagdadala sa atin na tanggapin ang pang-aaliw ng Diyos at magmahal pa nang magmahal.

Lahat tayo ay makapaghahanap ng mga oras at lugar upang makatagpo ng panloob na katahimikan, upang mabuksan ang isang puwang ng pakikinig, at upang matuklasan ang isang pakikipag-isa sa Diyos.  Inanyayahan na ni Jesus ang kanyang mga kaibigan na gawin ito: “Ngunit kapag mananalangin ka, pumasok ka sa iyong silid at isara mo ang pinto.  Saka ka manalangin sa iyong Ama na hindi mo nakikita” (Mateo 6:6).

Ngayon, ang paanyayang ito ay tila sumasalungat sa agos.  Dumaraan tayo sa isang panahon kung saan ang mga bagay-bagay ay nagiging mas magkasalungat at kung kailan ang mga pagkakahati-hati ay tumitindi sa ating mga lipunan, minsan maging sa mga Simbahan at sa mga mag-anak.  Sa kontekstong ito, tila nilulunod ng mga ingay at kasinungalingan ang mga paglagong tahimik at panloob na nangangailangan ng panahon.

Kaya naman ang panalangin ay lalo’t higit na mahalaga: ito ay isang bukal ng pag-asa, isang daan patungo sa kapanatagan; ginagawa tayo nitong may kakayahang panatilihing bukas ang mga pintuan ng pag-uusap, maging sa mga taong sumasalungat sa atin o mula sa ibang mga pananaw kaysa sa atin.

## Paglalakad kasama ang iba

Bilang karagdagan sa personal na panalangin, may isa pang panawagan: ang lumakad nang kasama ang iba, nang may pagtingin sa pangkalahatang pagkakapatiran na ang mga palatandaan ay sinisikap nating aninawin.  Ang buhay panloob ay hindi isang

hiwalay na hangarin; nagpapatuloy ito sa isang gawaing panglahat kasama ang mga taong nakikibahagi sa parehong paghahanap.

Makapagsisimula tayo sa pamamagitan ng pagtulong na lumago ang litaw na pagkakaisa ng mga Kristiyano!  Hindi siyempre para maging mas malakas sa harap ng isang salungat na mundo, kundi para palabasin ang pagiging buhay ng Ebanghelyo. Hindi natin kailangang hintayin na mapagtugma ang lahat ng mga tanong teolohikal upang magtipon nang sama-sama para manalangin.

Kapag nakakatagpo tayo ng mga Kristiyano ng magkakaibang denominasyon, kung minsan ay nababatid natin ang mga posisyong tila magkasalungat—at minsan sa katunayan ay gayon nga—kahit man lamang sa antas konseptual.  Sa halip na bigyang-diin ang mga ito, posible ang isa pang paraan: ang magsimula muli't muli sa pananalangin nang sama-sama.  Ang gayong pagsasanay ng pagkakaisa ay magtutulot sa bayan ng Diyos na tumungo sa isang panglahat na pagpapahayag ng pananampalataya.

Marahil ito rin ang magbibigay-daan sa atin na baguhin ang ating paraan ng pagtingin sa Simbahan: maaari ba nating ituring ito nang higit at higit pa bilang dakilang pamilya ng mga tao na, sa mga hakbang ni Kristo, pinipiling magmahal?  Upang maging pampaalsa ng kapayapaan, panahon na upang ihinto ang pagpapalawig ng mga pagkakahati-hati sa pagitan nating lahat, na nananatili sa magkakahanay na mga riles na hindi nagtatagpo!

Ang paghahanap na ito para sa lantad na pagkakaisa ay dapat sumabay sa pagkilala sa kasamaan na kung minsan ay isinagawa sa ating mga Simbahan at isang matibay na pangakong gawin ang mga kinakailangang pagbabago.  Maraming tao ang nakamalas na mabasag ang kanilang tiwala.  Sa Taizé din, ang tiwala ng ilang tao ay pinagtaksilan; alam na alam namin ito.  Ang pagtitiwala ay isang marupok na katotohanan na kailangang madalas na panibaguhin at buuing muli, at ito ay posible lamang sa pamamagitan ng pakikinig sa mga nasugatan.[3]

## Pagpapalawak ng ating pagkakaibigan

Upang makapag-ambag sa paglikha ng isang pandaigdigang pamilya, inaanyayahan ang Simbahan na maging tanda ng paparating na Paghahari ng Diyos at tuklasin kung ano ang panawagan ng Espiritu Santo na gawin natin ngayon.  Narito ang ilan sa mga panawagang iyon, na dapat palalimin kasama ang iba pa.

---

[3] Sa paksang ito, tingnan ang mensahe ni Brother Alois "Sa Simbahan at sa Taizé, ang gawain ng pagtiyak sa katotohanan ay dapat magpatuloy," na inilathala sa okasyon ng "European meeting" sa Rostock at matatagpuan online sa [www.taize.fr/protection](http://www.taize.fr/protection)

- Ngayon, para sa maraming tao, ang pakiramdam ng pagiging kabilang ay nagiging mas kinakailangan upang mabuo ang kanilang pagkakakilanlan. Ang pagiging kabilang na ito ay maaaring yumabong, gayunpaman, hindi sa pagsalungat at pakikipagtalo sa iba, ngunit sa pamamagitan ng paggalang at pakikipagtagpo. Oo, hanapin natin ang bahagi ng katotohanan na naroroon sa kapwa–matutulungan tayo nitong lumago.
- Ang diyalogo sa pagitan ng mga mananampalataya ng iba't ibang relihiyon ay maaaring maging isang lugar ng paggalang sa isa't isa. Sa diyalogong ito, ang pagiging bukas sa isa ay posible kapag tayo mismo ay nakaugat sa sarili nating relihiyosong tradisyon, tulad ng isang puno na nangangailangan ng malalalim na ugat upang magsibol ng mga sangang mayabong at bukas. Ang isang tunay na pagkakaibigan ay posible, kahit na may kasama itong isang paghihirap na dahil sa katunayang hindi makakabahagi ang iba sa ating mga pinakamalalim na pinaniniwalaan.
- May mahapding kamalayan ang maraming tao ngayon kung paanong nagpapabigat ang kapootang panlahi at lahat ng anyo ng diskriminasyon sa mga ugnayan sa pagitan ng mga tao at sa napakaraming mga lipunan sa buong mundo. Sama-sama nating hanapin ang lahat ng makatutulong sa atin na baguhin ang ating paraan ng pagtingin sa iba, halimbawa sa pamamagitan ng pakikinig sa mga lumikas mula sa kanilang bansang pinagmulan. Tanggapin natin ang sangkap ng kaibahan na siyang naghuhulma sa bawat pagtatagpo na maging isang kayamanan.
- Nakikinig ba tayo nang maigi sa iyak ng mundo? Pinipinsala ng mga gawain nating mga tao at ng ating kapabayaan ang ating kamangha-manghang planeta, tulad ng ipinapaalala sa atin ng mga sakuna sa kapaligiran at ng mga matinding lagay ng panahon na kamakailan ay lumalawig. Kailangang-kailangan na alalahanin ang pananagutang ipinagkatiwala ng Diyos sa sangkatauhan. Kinakailangan ang mga pagpapasiyang pulitikal at pang-ekonomiya, ngunit ang bawat isa sa atin ay maaari nang gawing simple ang ating paraan ng pamumuhay at magpanibago ng isang pagdama ng pagkamangha sa kagandahan ng sangnilikha.
- Sa konteksto ng digmaang nananalasa sa Ukraine at sa napakarami pang ibang lugar sa mundo, nahihirapan ang ilang tao na manalangin, na parang wala ang Diyos o tahimik siya sa harap ng kasamaan. Gayunpaman, ang pagdarasal para sa kapayapaan ay gumigising sa ating damdamin ng pananagutan at ating pakikiisa sa lahat ng mga nagdurusa nang katakot-takot mula sa trahedya ng digmaan. Hindi ito isang usapin ng paghingi para sa isang madaliang kapayapaan na nagsusuko ng tagumpay sa tumuligsa, ngunit isang tunay at d

madaling kapayapaan na, upang maging pangmatagalan, ay dapat na may kalakip na katarungan at katotohanan.  Oo, ang pagdarasal para sa kapayapaan ay mas kailangang-kailangan higit kailanman.

—------

Para sa ating mga mananampalataya, ang pagtitiwala sa Diyos ay makapagbibigay sa atin ng pag-asa na mas makapangyarihan kaysa takot sa hinaharap.  Hindi isang walang muwang na pagtitiwala kundi matibay na pananalig, nakaugat sa ating mga puso, na ang Diyos ay kumikilos sa sangnilikha at nananawagan sa atin na kumilos sa ating panahon, sa pamamagitan ng pag-ako sa ating pananagutan para sa ating sarili… at para sa susunod na henerasyon.

Kapag ang kapayapaan ay tila isang hindi maabot na uliran at ang karahasan ay pinaghahati-hati ang pamilya ng mga bansa, kapag ang lahat ng uri ng mga panganib ay gumugulo sa atin, paalalahanan natin ang ating mga sarili: sa isang buhay panloob na maaaring lubhang dukha, sa pamamagitan ng ating pakikiisa sa ating kapwa at pagkakaibigang lumalago nang mas malawak, dumarating si Kristong muling nabuhay upang tagpuin tayo.  Binabago ni Kristo ang ating pananaw, na nag-aakay sa atin tungo sa isang mas malawak na mundo at inaanyayahan tayong gumawa ng mga hindi inaasahang hakbang pasulong.  Tatanggapin ba natin siya?

**“Sama-Sama”**

Isang kaganapan ang inihahanda upang tulungang lumago ang pagkakaisang Kristiyano, "Together (Sama-Sama)", isang "pagtitipon ng Bayan ng Diyos."  Ito ay gaganapin sa 2023 Setyembre 30, sa Roma at sa iba’t-iba pang bahagi ng mundo.  Para sa karagdagang impormasyon: www.together2023.net

Kaalaman ukol sa mga pagpupulong sa Taizé, ang mga espesyal na sanglinggo sa panahon ng tag-araw at sa susunod na “European meeting” na gaganapin sa Ljubljana sa Slovenia mula 2023 Disyembre 28 hanggang 2024 Enero 01 ay matatagpuan sa website ng Taizé: www.taize.fr